**Mga Alituntunan sa**
**Pagpapalaganap ng Pantay Pantay na Pagtingin sa Lahi**

**Opisina ng Official Receiver**

Ang Opisina ng Official Receiver (ORO) ay nagsasagawa ng iba't ibang hakbangin na naaayon sa kanilang mandato na may kinalaman sa mga kaso at insidente sa rehiyon ng Hong Kong. Sinisikap naming na makapagbigay ng sapat na tulong tungkol sa serbisyong may kinalaman sa mga kautangan sa publiko sa tapat at pantay na paraan nang walang kinikilingang lahi o etnikong pinagmulan.

| | |
|---|---|
| Kabilang na Serbisyo | • Sinisigurado ng ORO na may mga alituntuning sinusunod na pinahihintulutan ang mga tao mula sa iba't ibang lahi na magkaron ng pantay pantay na karapatan sa serbisyong may kinalaman sa kautangan. |
| Mga Alituntunin | Serbisyo para sa Interpretasyon ng Lengguahe<br><br>• Gumagamit ang ORO ng Intsik or Ingles para sa serbisyong ito.<br><br>• Sinisigurado ng ORO na mayroon serbisyo para sa interpretasyon ng lengguahe na maaaring gamitin tuwing kinakailangan sa pagbibigay ng serbisyo na may kinalaman sa kautangan para sa mga tao na mula sa ibang lahi sa pamamagitan ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER) na sumasailalim sa sangay ng Hong Kong Christian Service na nagbibigay ng serbisyo para sa interpretasyon ng lengguaher sa telepono sa walong lengguahe: Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese o sa pamamagitan ng iba pang serbisyo na naaayon sa pangangailangan.<br><br>Paunawa sa "Pagtatanong at Serbisyo para sa Interpretasyon ng Lengguahe para sa mga Tao Mula sa Ibang Lahi" |

| | |
|---|---|
| | • Bukod pa rito, ang mga tao mula sa iba’t ibang lahi ay bibigyan ng kopya ng naturang Paunawa sakaling magtungo sila sa kinauukulan upang magtanong o gamitin ang naturang serbisyo. |
| | <u>Pagsasanay ng mga Kawani</u> |
| | • Pananatilihin ng ORO ang pagbibigay ng mga pagsasanay para sa mga kawani nito tungkol sa Race Discrimination Ordinance o batas laban sa diskriminasyon sa ibang lahi at ang iba’t ibang mga gabay na may kinalaman dito, pagiging sensitibo sa mga usaping may kinalaman sa lahi at pagkakaiba ng paniniwala at kultura na pangungunahan n Civil Service College, Equal Opportunities Commission at iba pang sangay na may kinalaman dito. |
| | <u>Pangongolekta ng mga Datos</u> |
| | • Para sa patuloy na pagtatasa at pagpapahusay ng pagbibigay serbisyo sa publiko, ang mga datos na may kinalaman sa lahi tungkol sa mga katanungan/ reklamo nang may probisyon ng serbisyo sa wika at mga uri ng serbisyo ay kinolekta upang mapangasiwaan ang paglikom ng mga statistikong datos nang regular. |
| Pagtatasa ng mga Gawain sa Hinaharap | • Ang ORO ay magpapatuloy na magsasagawa ng regular pagtatasa sa mga datos na nakolekta at ang mga probisyon ng serbisyo para sa mga taong may iba’t ibang lahi. Karagdagan pa, ang mga puna at mga suhestiyon mula sa aming mga kawani ay kokolektahin at ikokonsidera para sa pagpapahusay ng mga serbisyo kung naaangkop. |
| Mga Karagdagang Alituntuning Sinunod/ Kailangang Sundin | • Ang ORO ay patuloy na lumalahok sa Internship Program para sa mga mag-aaral sa unibersidad na hindi etniko Chinese (NEC) upang bigyang-daan ang mga batang NEC na magkaroon ng karanasan sa trabaho at palakasin ang kanilang pagiging mapagkumpitensya sa paghahanap ng trabaho. Kasabay nito, palalalimin ng |

Programa ang pag-unawa sa mga kawani ng ORO sa pagkakaiba-iba ng lahi at pagkakaiba sa kultura sa lugar ng trabaho.

Para sa mga katanungan kaugnay sa mga alituntunin at mga plano para sa pagpapalawig ng pantay pantay na pagtingin sa mga lahi, maaaring tawagan ang Ikalawang Sekretarya ng Departamento (Administration) sa pamamagitan ng mga sumusunod:


| | | |
|---|---|---|
| Pangalan | : | G. Ernest LAM |
| Telepono | : | 2867 2446 |
| Fax no | : | 3105 1814 |
| Email | : | oroadmin@oro.gov.hk |
| Postal Address | : | 10th-12th floors, High Block,<br>Queensway Government Offices,<br>66 Queensway, Hong Kong |


Opisina ng Official Receiver
Mayo 2023